# 4 na dahilan kung bakit dapat patalsikin si Duterte



Kawanihan sa Impormasyon
Partido Komunista ng Pilipinas
Hulyo 2019

Sobra na ang paghaharing tiraniko at terorismo ni Rodrigo Duterte. Hindi bababa sa apat ang pinakamalalaking dahilan kung bakit dapat na siyang patalsikin. Tanging sa pagtanggal sa kanya sa pwesto at pagpapanagot sa kanyang mga kasalanan at krimen makahahakbang pasulong ang mamamayang Pilipino.

Walang kahihiyan ang  pangangayupapa ni Duterte sa mga dayuhan. Asta lamang ang kanyang "independyenteng patakarang panlabas." Ang totoo, nagpapagamit siya sa dalawang malalaking kapangyarihan para makapanatili sa poder at palawakin ang interes ng pinakamalalapit sa kanya. Siya ang numero unong tuta ng imperyalistang US at bayad ng China.

Malayong nalampasan na niya ang rekord ng dating diktadurang Marcos at kapwa niya magnanakaw na si Arroyo sa dami ng mga ipinapatay sa loob ng maiksing panahon. Ginagamit niya ang buong makinarya ng estado, mula sa sangay ng ehekutibo tungong lehislatibo at hudisyal, gayundin ang buong burukrasyang sibil at militar, para palawigin ang paghahari ng kanyang pangkatin at makakopo ng pinakamalaking pakinabang.

Sa ilalim ng kanyang paghahari, nagdusa ang mamamayan dahil sa kawalan ng disenteng sahod, trabaho at mapagkakakitaan, gayundin ng matitinong serbisyong pampubliko.  Ginamit lang niya ang lehitimong mga hinaing at adhikain ng mamamayan para ilusot ang makadayuhan at makakapitalistang mga pakana. Pinipiga pa niyang lalo ang pinakamahihirap na Pilipino para pondohan ang mga programang Build, Build, Build na kinukurakot ng kanyang pamilya at pinakikinabangan ng pinakamayayamang Pilipino.

Si Duterte ang pinakanakamumuhing mukha ng burukrata-kapitalismo sa kasalukuyan. Kinakatawan niya ang brutalidad ng mga panginoong maylupa at kahayukan ng mga burgesya-kumprador. Siya ang pinakahari ng mga sindikato sa droga. Winawaldas at nagpapakasasa siya sa kaban ng bayan. Katuwang niya ang pinakamalalaking traydor at magnanakaw sa kasaysayan ng bansa.

Ang traydor, malupit, pahirap at magnanakaw na rehimeng US-Duterte ay inianak ng bulok na malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan. Habang lumalala ang krisis nito, lalong naglalaho ang pagkukunwari ng reaksyunaryong estado at nalalantad ang tunay na esensya nito bilang instrumento ng pagpapahirap at pang-aapi sa mamamayan.

Kinakatawan ni Duterte ang pinakamasasahol na aspeto ng nagdaang mga rehimen. Dapat na siyang patalsikin at pigilan ang kanyang balak na magtagal pa sa poder.

# Siya ay TRAYDOR.

Inuuna niya ang interes ng mga dayuhang gubyerno at kumpanya kaysa kapakanan ng mga Pilipino. Sa pangunahin, siya ay tuta ng Kano. Sunud-sunuran din siya sa China dahil sa interes niyang makapagbulsa ng pinakamalaking pondo sa pinakamaiksing panahon.

Itinataguyod ni Duterte ang tagibang na mga kasunduang militar, gayundin ang mga kaayusan sa ekonomya, pulitika at kultura, na nagsisilbi sa interes ng imperyalismong US. Siya ang hepe ng reaksyunaryong neokolonyal na estado at kumander ng maka-US na Armed Forces of the Philippines (AFP). Sa ilalim ni Duterte, lalong lumubha ang panghihimasok ng US sa internal na mga usapin at pagmamantine nito ng malaki at permanenteng presensyang militar sa loob at sa karagatan ng bansa.

**Mga lumang kasunduan at tratado**. Kontra sa pagmamayabang niya noon na "hihiwalay" siya sa Amerika, wala siyang ginawa o balak na kumawala sa paghahari ng US. Hindi niya ipinawalambisa ang tagibang na mga kasunduan at tratadong nagpapatibay ng dominasyong militar ng US tulad ng Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement at Enhanced Defense Cooperation Agreement.

Sa ilalim ng EDCA, itinayo na ng US ang di bababa sa limang pasilidad-militar nito sa loob ng mga kampo ng AFP. Kabilang dito ang isang gusali sa Cesar Basa Air Base sa Pampanga na para diumano sa mga makataong misyon ng US pero sa aktwal ay imbakan ng kanilang gamit-militar. Pinahintulutan din ni Duterte ang tuluy-tuloy na konstruksyon ng base ng mga tropang Amerikano sa Antonio Bautista Air Base sa Palawan. Siya mismo ang nagmamadali para tapusin ang kampong militar sa Ground Zero ng Marawi para sa mga sundalong Amerikano na nakabase ngayon sa syudad.

**Batas militar at OPE-P**. Lalong pinadulas ni Duterte ang panghihimasok-militar ng US sa bansa nang ideklara niya ang batas militar sa Mindanao. Binigyan-katwiran ng batas militar ang muling pagtatatag ng US ng isang "pinangalanang misyon" na nagpahintulot ng palagiang presensya ng mga sundalong Amerikano sa kalupaan ng


Pilipinas kahit wala itong pinirmahang tratado. Itinatag ng US ang Operation Pacific Eagle-Philippines (OPE-P) sa pusod mismo ng Marawi noong Oktubre 2017. Sa panahong ito, isa ang OPE-P sa dalawang pinangalanang misyon (ang isa ay ang Operation Inherent Resolve sa Syria) na inilunsad ng US sa buong mundo. Isinagawa ng US sa dalawang bansa (sa kaso ng Pilipinas sa Marawi at sa Syria, sa Raqqa) ang mga pambobomba at pangwawasak ng buu-buong syudad. Matapos pulbusin ang Marawi at ianunsyo ni Duterte na "lumaya" na ito mula sa mga "terorista," lalupang pinalakas at pinalawak ang mga operasyon ng OPE-P para saklawin hindi lamang ang Mindanao kundi ang buong bansa.

Noong Hunyo, inianunsyo ng Bureau of Conflict and Stabilization Operations (BCSO) ng US State Department ang pagtatatag ng isa pang programang "kontra-terorismo" na tatagal ng tatlong taon. Nakatutok ang programang ito sa paglulunsad ng mga operasyong sibil-militar sa mga piling lugar sa Mindanao sa balangkas ng "whole-of-nation approach."

**Balikatan at iba pang pagsasanay militar.** Sa ilalim ng rehimeng Duterte, lumaki ang presensya ng mga sundalong Amerikano at dumalas ang kanilang mga aktibidad sa bansa. Sa nakaraang dalawang taon, may isang aktibidad militar ang US sa bansa kada dalawang araw. Taun-taon, papalaki ang bilang ng mga tropang Amerikano na lumalahok sa mga operasyong militar na inilulunsad sa tabing ng mga "pinagsanib na pagsasanay." Mula Pebrero hanggang Abril lamang nitong taon, hindi bababa sa 12,000 tropang Amerikano ang nagsalit-salitan para magsagawa ng iba't ibang operasyong militar sa kalupaan at karagatan ng bansa. Noong Mayo, inianunsyo ng mga upisyal militar ng US na dodoble pa ang bilang ng mga sundalong lalahok sa mga pagsasanay sa Pilipinas sa susunod na taon. Higit dito, ginamit na ng US ang Pilipinas bilang sariling lugar-pagsasanay. Ang Balikatan, na dati'y *bilateral* (sa pagitan lamang ng US at Pilipinas), ay ginawa nang *multilateral* at regular nang lumalahok dito ang Australia, Japan at iba pang mga bansa.

**Paggamit sa karagatan**. Walang pakundangang ginagamit ng US ang karagatan ng Pilipinas bilang daanan at pahingahan ng malalaking barkong pandigma nito na kadalasan ay nagdadala ng mga armas nukleyar. Sa tabing ng mga operasyon para sa "freedom of navigation" (kalayaan sa paglalayag) at mga pinagsanib na mga

pagpapatrulya kasama ang Coast Guard ng Pilipinas, naglalagay ang US ng mga barko nito hindi lamang sa karagatan ng Pilipinas kundi pati sa mga karagatan ng mga bansang hindi nagpapahintulot ng kanilang matagalang presensya. Isa rito ang Sulu-Sulawesi Sea sa pagitan ng Indonesia, Malaysia at Pilipinas. Inilulusot din ng US ang presensya ng mga barkong pang-Coast Guard nito sa South China Sea sa pagsasabing magsisilbi itong "proteksyon" ng mga bansa sa Southeast Asia na "walang kakayahang dumepensa sa sarili" laban sa China. Naglatag ito ng *network* ng mga radar sa mga baybayin ng Pilipinas para manmanan ang mga aktibidad ng China sa South China Sea. Pana-panahon, dumadaong ang mga barko ng US sa mga piyer ng bansa para malayang makapagliwaliw ang mga sundalong Amerikano sa mga syudad at baryo habang kinukumpuni at nagtatambak ng basura ang kanilang mga barko.



**Pagsandig sa ayuda at armas**. Nakaasa si Duterte at kanyang AFP sa pondo at gamit militar ng US, taliwas sa pagmamayabang niyang hihingi o bibili siya ng armas sa China at Russia. Sa ngalan ng diumano'y modernisasyon, tuluy-tuloy ang pagtatambak ng US ng lumang gamit militar at iba pang materyal para suhayan ang bulok at korap na AFP. Noong nakaraang taon, umabot sa ₱35 bilyon ang halaga ng ibinenta nitong gamit militar sa pamamagitan ng programang Excess Defense Articles kung saan ibinebenta ng US at ng mga alyado nito ang sobra o pinaglipasan na nitong mga gamit militar tulad ng mga barko, baril at eroplano. Kinokopo ng mga heneral ni Duterte ang mga kontrata sa mga pribadong kumpanyang Amerikano na nagbebenta ng naturang mga armas.

**Pagpapatupad ng maka-US at kontra-mamamayang mga patakaran.** Walang binago, kundi lalupang pinasidhi ni Duterte ang maka-US at kontra-mamamayang mga kasunduan, programa at kaayusan sa ekonomya, pulitika at buhay ng bansa. Ang dating mga programang hindi nailusot sa nakaraang mga dekada, tulad ng dagdag na mga buwis, ay nagawa niyang iratsada sa Kongreso.

Tuluy-tuloy niyang ipinatupad ang mga programang idinikta ng mga institusyong dominado ng US tulad ng World Bank, International Monetary Fund at Asian Development Bank. Kabilang dito ang Philippine Rural Development Program, K-12 at iba pang neoliberal na patakaran sa edukasyon, at 4Ps. Kaakibat ng mga ito ang malalaking utang na babayaran ng mga Pilipino sa loob ng mahabang panahon.

Gamit ang serye ng mga kautusang ehekutibo, lalo ring ibinukas ni Duterte ang lokal na ekonomya sa pandarambong ng mga transnasyunal na korporasyon. Sa tabing ng "pang-aakit ng dayuhang kapital" at pagpapasigla ng pagmamanupaktura, itinulak niya ang "pagpapabilis" sa proseso ng pagnenegosyo ng mga dayuhan sa mga sektor na kapwa pinahihintulutan at hindi pa pinahihintulutan ng Konstitusyong 1987. Ilang beses din niyang tinangkang iratsada ang *charter change* o pagbabago sa konstitusyon na itinutulak ng mga negosyanteng Amerikano.

Bagamat malayong mas maliit ang impluwensya ng China sa ekonomya, pulitika, kultura at militar ng bansa kumpara sa US, patuloy itong lumalaki dahil sa todo-todong paghahabol ni Duterte ng mga pabor at pondo mula sa mga upisyal at kumpanyang Chinese. Apat na beses na siyang pumunta sa China para mamalimos sa presidente nitong si Xi Jinping at mga monopolyo kapitalistang Chinese. Sa bawat bisita, inareglo ni

Duterte ang matatabang kontratang pang-imprastruktura sa pagitan ng gubyernong Chinese, mga pribadong kontraktor at Pilipinong burgesya-kumprador. Kumubra siya at kanyang mga kasapakat sa estado ng mga kikbak at pabor mula sa magkabilang panig.

**Pagbebenta ng soberanya.** Tumahimik si Duterte sa harap ng paspasang pagtatayo ng China ng mga pasilidad militar sa mga islang may soberanong karapatan ang Pilipinas, na nagsimula noong 2014. Hindi niya iginiit ang karapatan ng Pilipinas na itinaguyod sa hatol ng internasyunal na korte na nagpawalambisa sa pag-angkin ng China sa kabuuan ng South China Sea. Ipinansisindak ni Dutete ang pagdadahilang "hindi natin kayang gerahin" ang China at "madudurog lamang ang ating hukbong pandagat" para bigyan-katwiran ang pagtanggi niyang manindigan laban sa pambabraso nito. Sa gayon, inilulusot niya hindi lamang ang militarisasyon ng China, kundi pati ng US, sa karagatan ng Pilipinas.



Burgos Reef, bahagi ng Spratly

**Pagsubasta ng rekurso.** Hinayaan din ni Duterte na mangisda ang mga mangingisdang Chinese sa loob ng eksklusibong sonang pang-ekonomya ng Pilipinas nang walang multa o parusa, kahit sa mga kasong mapanira ang mga ito sa yamang-dagat at mangingisdang Pilipino. Ipinagtatanggol pa niya ang pangangamkam ng China sa rekursong-dagat sa pagsasabing "may karapatan" sila sa mga ito, at ginigipit ang mga Pilipinong mangingisdang may lakas ng loob na magreklamo.

Pero higit dito ang pagbebenta niya ng lupa at iba pang likas na rekurso kapalit ng pautang at kikbak para sa kanyang pamilya, mga alipures at pinaborang burgesya-kumprador. Binalangkas niya ang programang Build, Build, Build para payungan ang mga pampublikong kontratang inilako niya sa China. Para padulasin ang pagpasok ng China, binaliktad niya ang dating mga restriksyon, tulad ng pagbabawal sa mga kumpanyang Chinese na makibahagi sa mga proyektong pang-enerhiya. Sa kabuuan, 12 proyektong pang-imprastruktura ang popondohan ng China sa pamamagitan ng mga pautang at ayuda. Nagkakahalaga ang mga proyektong ito ng ₱301 bilyon.

Kapalit ng mga utang na ito ang masasamang probisyon tulad ng pag-angkin ng China ng lupa at rekurso kapag hindi mabayaran ang mga utang, at pagpayag na pumailalim sa isang "internasyunal" na korte sa China na siyang huhusga kapag may mga sigalot sa kontrata.


**Pinakamalalaking proyektong pang-imprastruktura na popondohan ng utang mula sa China**

| Proyekto | Halaga | Rehiyon |
|---|---|---|
| Subic-Clark Railway Project | ₱ 50 B | Region III |
| Ambal-Simuay River and Rio Grande de Mindanao River Flood Control Projects | ₱ 39.2 B | Region XII |
| Chico River Pump Irrigation Project | ₱ 4.3 B | CAR, Region II |
| PNR South Long-haul (Manila-Bicol) | ₱ 175.3 B | Region IV-A; V |
| New Centennial Water Source – Kaliwa Dam Project | ₱ 12.2 B | Region IV-A; NCR |

# Siya ay PAHIRAP.

Sukdulang pagpapahirap ang hatid ng paghahari ni Duterte. Sumidhi ang krisis sa kabuhayan at sumadsad ang ekonomya bunga ng kanyang kontra-mahirap na mga patakarang neoliberal. Lumala ang disempleyo at sumirit ang presyo ng mga bilihin habang nananatiling mababa ang sahod. Nakapanggagalaiti rin ang mga panloloko ni Duterte at perwisyong hatid ng nabubulok at di-sapat na mga serbisyong panlipunan at batayang utilidad na kontrolado ng pribadong mga kumpanya, malawakang pangangamkam ng lupa at dislokasyon sa kanayunan at kalunsuran.

Nang ipatupad ng rehimen noong Enero 2018 ang TRAIN law alinsunod sa rekomendasyon ng The Arangkada Philippines Project (TAPP) ng American Chamber of Commerce, bumigat ang pasaning buwis at pumaimbulog ang presyo ng pagkain at iba pang saligang mga pangangailangan. Noong nakaraang taon, pumalo sa 5.2% ang abereyds na tantos ng implasyon, pinakamabilis na taunang pagsirit ng presyo sa halos isang dekada.




Pinakamasakit sa bulsa ng mamamayan ang pagtaas ng presyo ng bigas. Mula 2017, tumaas ang presyo ng bigas nang abereyds na 10% noong 2018 ayon sa datos ng reaksyunaryong gubyerno. Kasabay din nitong nagtaasan ang presyo ng petrolyo at iba pang produktong pagkain gaya ng isda at gulay. Noong nakaraang taon, kumita ang rehimen ng ₱43.4 bilyon mula sa paniningil ng dagdag buwis sa petrolyo. Sa pangkalahatan, nakalikom ang gubyerno ni Duterte ng ₱68.4 bilyon dahil sa dagdag na buwis.

Pumaimbulog ang tantos ng implasyon dulot ng TRAIN noong 2018. Ang pagbaba nito tungong 3.2% noong Mayo ay hindi nangangahulugan na bumaba ang presyo ng mga bilhin at singil sa serbisyo.




Dahil sa TRAIN, tinatayang nakakaltasan nang ₱800-₱4,000 ang kita ng pinakamahihirap na pamilya kada taon.

**Pahirap sa mga manggagawa at mala-manggagawa**. Paulit-ulit na tinanggihan ni Duterte ang panawagan ng mga manggagawa para sa nakabubuhay na dagdag sahod, kapwa sa pribado at pampublikong sektor maliban sa mga sundalo at pulis. Noong Hunyo, muling tinanggihan ng rehimen ang petisyon ng mga manggagawa sa National Capital Region, pabor sa kontra-petisyon ng mga kapitalista, sa pagdadahilang bumaba na ang implasyon.


Mas malaki pa ang tinatapyas ng implasyon sa tunay na halaga ng sahod kumpara sa itinaas nito. Bagamat tumaas nang ₱46 tungong ₱537 ang minimum na sahod sa National Capital Region mula Hulyo 2016, natatapyasan naman ang tunay na halaga nito ngayon nang ₱81 dahil sa implasyon. Ang nasabing minimum, na pinakamataas sa buong bansa, ay wala pa sa kalahati ng ₱1,209 kinakailangang halaga para mabuhay nang disente ang isang pamilyang anim ang laki.

Lumala rin ang disempleyo at pinakamatindi ang pinsala nito sa sektor ng agrikultura. Sa nagdaang dalawang taon, umabot sa dalawang milyong trabaho sa agrikultura ang nawala. Sa kabuuan, hindi bababa sa 11.3 milyon ang wala at kulang ang trabaho noong 2018.

Ipinakikita kahit ng mismong estadistika ng estado na napakababa ng bilang ng trabahong nalikha ni Duterte. Sa unang dalawang taon niya sa poder, nakalikha lamang ng netong 81,000 bagong trabaho kada taon. Ito na ang pinakamababa magmula pa noong 1986. Naitala rin noong 2017 ang pinakamalaking pagkitid sa empleyo sa loob ng 20 taon kung saan 663,000 ang nawalan ng trabaho.

Dahil sa napakalaking bilang ng walang trabaho, napipilitan ang mga manggagawa na pumasok sa mga mapagsamantalang kaayusang kontraktwal at tumanggap ng napakababang sahod. Taliwas sa pangako ni Duterte na wakasan ang kontraktwalisasyon, iniraratsada niya ang pagsasabatas ng Security of Tenure Bill na mag-iinstitusyunalisa sa kontraktwalisasyon sa porma ng *job outsourcing contracting* at *subcontracting* na pawang nagpapahintulot sa malalaking kumpanya na kumuha ng mga manggagawa sa mga ahensya ng paggawa. Ito ay kasunod ng pagpapatupad niya sa kunwa'y kontra-kontraktwalisasyon ding Executive Order 52 at Department of Labor and Employment Order 174.

Ang kawalan ng hanapbuhay ang nagtutulak sa milyun-milyong mamamayan na maghanap ng kung anu-anong pagkakakitaan. Karaniwan silang natitipon sa mga maralitang komunidad at namamasukan bilang mga manggagawa sa mga palengke, konstruksyon, naglalako o namumuhunan ng maliit na pagtitingi. Nasa 80% ng mga manggagawa ang nasa tinaguriang "informal economy" o mga trabaho at pinagkakakitaan na hindi nakapailalim sa regulasyon ng estado.




Sa harap ng pangkalahatang kawalan ng trabaho, natutulak ding mangibang-bansa ang milyun-milyong mga manggagawa para kumita. Ayon sa datos ng estado, may 3,428,943 manggagawang Pilipino na ang lumabas ng bansa mula Enero 2017 hanggang Hunyo 2018, katumbas ng 6,269 kada araw.

**Pahirap sa mga magsasaka**. Ang mga patakaran ni Duterte sa agrikultura ay malawakang pumapatay sa kabuhayan ng mga magsasaka at lalong magpapabagsak sa produksyon. Kabilang dito ang Rice Import Liberalization Law (liberalisasyon sa importasyon ng bigas) at ang patakaran ng pagratsada sa malawakang kumbersyon ng mga lupang agrikultural. Ito ay sa harap ng nananatiling problema sa kawalan ng lupa ng milyun-milyong nagbubungkal na pinahihirapan din ng pyudal na upa at kawalan ng mekanisasyon at subsidyong estado.

Bilang pagsunod sa dikta ng World Trade Organization, ipinatupad ni Duterte ang ganap na liberalisasyon sa importasyon ng bigas noong Pebrero. Binaklas ng batas na ito ang dating patakaran ng paglimita sa dami ng bigas na pwedeng ipasok sa bansa bilang proteksyon sa lokal na produksyon ng palay. Dahil sa pagdagsa ng mas murang bigas, inaasahang malugi ang 2.4 milyong magsasaka ng palay at gayo'y pagbagsak ng lokal na produksyon ng palay. Layunin din ng hakbanging ito ang pwersahing mabangkrap ang mga magsasaka ng palay, itigil ang produksyon sa mga palayan at itulak ang kumbersyon ng kanilang mga lupa. Lalo nitong winawasak ang kakayahan ng bansa sa lokal na produksyong agrikultural at ang seguridad nito sa pagkain.

Kasunod nito, iniraratsada ni Duterte ang pagsasabatas sa National Land Use Act, para pabilisin ang reklasipikasyon at pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural at mga lupang pampubliko. Bilang paghahanda, sunud-sunod ang paglalabas ng Department of Agrarian Reform ng mga kautusan para padulasin ang proseso sa kumbersyon ng mga ito sa residensyal, komersyal at industriyal na gamit. Layunin ng mga hakbang na ito na gawing ligal ang rekonsentrasyon ng mga lupang sakahan at ninuno sa kamay ng malalaking panginoong maylupa at burgesyang kumprador. Ginagamit na ngayon ang mga ito para palayasin ang mga magsasaka at katutubo sa mga lupang target na tayuan ng dambuhalang mga imprastruktura sa ilalim ng kanyang programang Build, Build, Build.

**Mapanlinlang na mga reporma**. Ginamit ni Duterte ang lehitimong hinaing ng mamamayan para ilusot ang mga repormang kunwa'y magbibigay ng libreng serbisyo gaya ng edukasyon, pagpapagamot at irigasyon, pero sa aktwal ay gumagarantiya lamang sa kita ng mga lokal at dayuhang kapitalista. Walang binago si Duterte sa umiiral na patakaran ng pagtalikod ng estado sa responsibilidad nitong magbigay ng serbisyong panlipunan.

Sa sektor ng edukasyon, ipinatupad niya ang Universal Access to Quality Tertiary Education Law noong 2017 na may deklaradong layuning gawing libre ang matrikula sa kolehiyo. Subalit dahil kulang ang inilalaang pondo para rito, samutsaring bayarin pa rin ang sinisingil ng mga pampublikong pamantasan. Kabilang sa mga maniobra ng rehimen ang paglalabas ng isang memorandum noong Abril na nagpapahintulot sa paniningil ng 141 klase ng mga bayarin. Pinahigpit din ang proseso ng pagpasok at nilimita ang bilang ng mga estudyanteng makapapasok sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad.

Gayundin, ginagamit ng estado ang batas para magbuhos ng pampublikong pondo sa mga pribadong paaralan sa ilalim ng Tertiary Education Subsidy (TES). Mula nang ipatupad ang batas, naglaan ang rehimen ng ₱30 bilyon para pondohan ang mga pribadong pamantasang tatanggap ng mga estudyanteng di kayang tanggapin sa mga paaralang pampubliko. Ang halagang ito ay halos katumbas na ng ₱33-bilyong badyet na inilaan para sa mga pampublikong pamantasan.

Sa sektor ng kalusugan, nilagdaan naman noong Pebrero ang Universal Health Care (UHC) Law na layon umanong bigyan ng serbisyong pangkalusugan ang lahat ng mamamayan. Diumano, lahat ay mapabibilang sa National Health Insurance Program. Imbes na maglaan ng karagdagang pondo para palakasin ang mga pampublikong ospital, pinalalakas nito ang sistema ng pribadong paggagarantiya sa pamamagitan ng PhilHealth na nag-oobliga ng regular na kontribusyon ng mga kasapi nito. Ginagamit ang pondo nito para madulas na makapagpadaloy ng pondo sa mga pribadong ospital at pagamutan na tatanggap ng mga pasyente na hindi kayang direktang serbisyuhan ng gubyerno.

Sa kabila naman ng batas sa libreng irigasyon na ipinatupad ni Duterte noong 2017, nanatiling inutil ang kanyang rehimen sa harap ng malawakang sakunang bunsod ng tagtuyot. Noong katapusan ng Marso, umabot na sa P4.35 bilyon ang halaga ng pananim ang napinsala. Sa kabuuan, wala pa sa sangkapat ng mga sakahang dapat na may irigasyon ang naseserbisyuhan ng irigasyon, at nananatiling bulok ang mga imprastruktura para rito. Sa kaso ng Cordillera, ginagamit pa ang nasabing batas para itulak ang pagtatayo sa Chico River Pump Irrigation Project ng mga kapitalistang Chinese.

Sa sektor ng transportasyon, pagwasak sa kabuhayan ang hatid ng pakanang "modernisasyon" ng dyip ni Duterte sa mga drayber at opereytor. Sa esensya, pakay lamang nitong garantiyahin ang kita ng mga transnasyunal na kumpanyang gumagawa ng sasakyan sa pamamagitan ng pagbabawal sa paggamit ng mga lumang dyip sa pamamasada. Kasama ang interes, tinatayang nagkakahalaga ang mga *e-jeepney*, mga jeepney na pinatatakbo ng *solar-power* o may Euro 4 engine na inilalako ni Duterte sa halagang ₱2.1 milyon kada yunit. Lagpas-lagpas ito sa kakayahan ng karaniwang mga drayber at opereytor.

**Palpak na serbisyo**. Tumampok ngayong taon ang perwisyong hatid ng palpak na pribadong serbisyong patubig at kuryente at ang kainutilan ng rehimen para resolbahin ito.

Magdurusa hanggang Agosto ang mga residente ng Metro Manila at ibang karatig na rehiyon dahil sa limitadong suplay ng maiinom na tubig. Mula pa noong Marso nawawalan na ng tubig ang gripo ng mga residente kahit na mataas pa ang tubig sa Angat Dam na primaryang pinagkukunan ng suplay ng mga pribadong opereytor. Isinangkalan ng rehimen ang tagtuyot para ikubli na bulok at kulang na kulang ang mga imprastruktura nito para sa distribusyon ng tubig at pagkawaldas ng malaking bolyum ng tubig dahil dito. Ito ay para na rin tabunan ang katotohanang tubo at hindi serbisyo ang prayoridad ng mga pribadong opereytor. Sa kabila ng palpak na serbisyo, patuloy ang pagsirit ng singil at paglobo ng tubo ng mga pribadong kumpanya sa patubig. Noong 2018, tumaas nang 8% ang netong kita ng Manila Water ng mga Ayala tungong ₱6.6 bilyon.

Kasabay nito, naharap din ang mga residente sa *rotational brownout* o nakaiskedyul na pagkawala ng kuryente noong tag-init. Dulot ito ng sabay-sabay na pagsasara ng 20 planta na nagsusuplay ng kuryente sa Luzon. Walang nagawa si Duterte para pigilan ang iskemang sabay-sabay na pagsasara ng mga ito tuwing tag-init, na paraan ng mga pribadong kapitalista para ipitin ang suplay at itaas ang presyo ng kuryente. Sinamantala pa ng mga kapitalista ang problemang ito para itulak ang pagtatayo ng dagdag pang mga plantang pang enerhiya na gagawin nilang palabigasan.

# Siya ay MALUPIT.

Brutal at malawak ang kalupitan ni Duterte sa pagpapatupad niya ng tatlong "gera" laban sa mamamayan. Puu-puong libo na ang ekstrahudisyal na pinaslang ng kanyang huwad na "gera kontra-droga" na sa aktwal ay gera niya laban sa karibal na mga sindikato sa droga. Halos kalahating milyon ang nawalan ng tirahan nang pulbusin niya ang Marawi sa ngalan ng "gera kontra-terorismo" na ginamit niya para ipataw ang batas militar sa Mindanao. Daan-daan namang magsasaka, manggagawa, kabataan at propesyunal ang biniktima ng kanyang "todo-gera" laban sa rebolusyonaryong kilusan sa ilalim ng Oplan Kapayapaan at pinakahuling kampanyang Kapanatagan ng AFP at PNP.

**"Gera kontra-droga."** Binibigyan-katwiran ni Duterte ang kanyang krimen ng malawakang pamamaslang sa pagdadahilang ang mga adik sa droga ay "hindi tao" at sa gayon ay walang mga karapatan at dapat lamang patayin. Pangunahing target ng "gera" na ito ang mga maralita sa mga komunidad at mga kalaban niya sa pulitika.

Mahahalaw sa estadistika mismo ng PNP na noong Hunyo 2019, umaabot na sa 35,000 ang pinaslang ng mga personel at mga *death squad* nito sa mga operasyong "kontra droga." Mayorya sa mga ito ay naganap sa Metro Manila at kalapit na prubinsyang Bulacan. Samantala, mula nang maupo si Duterte sa poder, tatlong kilalang pinuno ng karibal na mga sindikato ang "ninyutralisa" ng PNP. Isa sa kanila ay sa loob mismo ng isang presinto pinaslang.

Makailang beses na iwinasiwas ni Duterte ang 'narcolist' o listahan ng mga upisyal ng gubyerno na sangkot sa droga laban sa mga karibal sa pulitika. Ginamit niya ito para takutin ang mga lokal na upisyal at panigan siya. Pinatindi ito noong panahon ng eleksyong *midterm* noong Mayo 2019.

Sa takot na papanagutin sa maraming kaso ng pagpatay, tuluyan nang kumalas si Duterte noong Marso 2019 sa Rome Statute na bumuo sa International Criminal Court (ICC). Ito ay matapos magsaad ang ICC ng paglulunsad ng paunang imbestigasyon sa mga krimen ni Duterte sa ilalim ng gera kontra droga noong Pebrero 2018.

# MGA BIKTIMA NG PAGLABAG SA KARAPATANG-TAO


| | SA LOOB NG 3 TAON NI DUTERTE<br>*Hulyo 2016– Marso 2019* | SA ILALIM NG BATAS MILITAR SA MINDANAO<br>*Mayo 23, 2016– Mayo 23, 2019* |
|---|---|---|
| Sapilitang pagkawala | 10 | 6 |
| Tortyur | 126 | 35 |
| Ekstrahudisyal na pagpaslang | 250 | 93 |
| Bigong pagpaslang | 392 | 136 |
| Iligal na pag-aresto | 2,370 | 1,450 |
| Pananakot, harasment at intimidasyon | 87, 427 | 28, 813 |
| Biktima ng pambobomba | 369, 688 | 348, 081 |
| Sapilitang pagbabakwit | 449, 284 | 423,538 |
| Biktima ng iligal na okupasyon | 42, 823 | 4,428 |

**Batas militar sa Mindanao.** Sa ngalan ng pagsugpo sa terorismo, winasak ni Duterte ang syudad ng Marawi at isinailalim ang buong isla ng Mindanao sa batas militar.

Itinambak ni Duterte noong 2017-2018 ang 75 batalyong pangkombat ng Philippine Army sa Mindanao. Sa buong dalawang-taong implementasyon nito, naitala ang malaking bilang ng paglabag sa karapatang-tao. Umaabot sa 423,538 ang sapilitang nagbakwit, 348,081 ang biktima ng pambobomba at 93 ang biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang. Noong Mayo, naiulat na nasa 100,000 pang mga bakwit ang hindi nakababalik sa kanilang mga bahay, habang mas marami pa ang walang kabuhayan.

**Panggigipit sa ligal na demokratikong kilusan at mga karibal sa pulitika.** Samutsaring pakana ang ipinatupad ni Duterte para patahimikin ang kanyang mga kritiko, mga aktibista, abugado at midya. Sinusupil ang paglaban ng mamamayan. Walang-habas ang mga pagpatay, pagsalakay at pag-atake sa mga magsasaka, manggagawa at iba pang sektor. Maging ang konserbatibong oposisyon ay hindi ligtas sa kanyang panggigipit.

**PAGPATAY SA USAPANG PANGKAPAYAPAAN**




| | |
|---|---|
| **1st round** | Agosto 22-27, 2016 |
| **2nd round** | Oktubre 6-9, 2016 |
| **3rd round** | Enero 19-25, 2017 |
| **4th round** | Abril 2-6, 2017 |
| **5th round** | Nobyembre 25-27, 2017* |

**MGA PATAKARANG KONTRA KAPAYAPAAN**

**2017**
- Proclamation No.360 November 23*
- Proclamation No.374 Disyembre 5

**2018**
- Teroristang proskripsyon Pebrero 21
- lokal na "peace talks" Hulyo21
- Pagtalaga sa OPAPP kay Ret. Gen. Carlito Galvez Jr. Disyembre 21

**2019**
- Terminasyon sa mga kinatawan ng GRP panel Marso 18

Ipinakulong niya si Sen. Leila de Lima, isa sa pinakamatinding kritiko ng kanyang ""gera kontra-droga" sa kasong pagbebenta ng iligal na  droga. Sinipa niya sa pwesto bilang punong mahistrado ng Korte Suprema si Maria Lourdes Sereno noong Mayo 2018. Sinindak, tinakot at ginipit niya ang mga mamamahayag, kapwa sa tradisyunal at independyenteng masmidya. Rumurok ang kanyang panggigipit sa pagsasampa ng kaso kay Maria Ressa, CEO ng Rappler at pag-aresto sa kanya noong Pebrero 2019.

Pinakamatindi ang atake sa progresibo at demokratikong kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran. Walang-piling pinararatangan ang mga magsasaka at minorya na kasapi o tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan, ipinaparada at pinalalabas na mga "rebeldeng sumurender."

Sa mga komunidad, naghuhulog ng bomba, nag-iistraping at nanununog ang mga sundalo ng AFP. Nagsasagawa sila ng mga sustenido at nakapokus na mga operasyon na lubhang nakaaapekto sa kabuhayan ng mga magsasaka. Ipinasasara ni Duterte at ng AFP ang mga pangkomunidad na paaralang Lumad at ginigipit ang mga estudyante, guro at tagasuporta ng mga ito.

## PAG-ARESTO AT PAGKULONG SA MGA KONSULTANT NG NDFP

**2018**

- Raffy Baylosis
  Enero 31
  *nakalaya noong Enero 2019
- Adelberto Silva
  Oktubre 15
- Vic Ladlad
  Nobyembre 8
- Rey Claro Casambre
  Disyembre 7

**2019**

- Renante Gamara
  Marso 20
- Frank Fernandez
  Marso 24

## PAGPASLANG SA KONSULTANT NG NDFP

- Randy Malayao
  Enero 30, 2019




Sa kalunsuran, pinupuntirya ni Duterte ang karapatang mag-organisa at magpahayag ng iba't ibang demokratikong sektor. Ipinakana ni Duterte ang imbentong “Red October” at mga *ouster matrix* na nag-ugnay sa mga organisasyon, personalidad at pulitiko sa isang pakanang pagpapatalsik para bantaan sila at pigilan ang kanilang pakikipagkaisa sa mga demokratikong sektor. Malisyoso silang iniuugnay sa rebolusyonaryo at armadong kilusan para bigyan-katwiran ang pamamaslang, panggigipit at iba pang armadong atake sa mga indibidwal, organisasyon at institusyong ligal.

Ipinahuhuli at sinasampahan ng mga gawa-gawang kaso ang mga lider masa. Noong Hunyo, mayroon nang 532 bilanggong pulitikal, 209 sa kanila ay inaresto sa ilalim ng rehimeng Duterte.

**Pagpatay sa prosesong pangkapayapaan.** Sa loob ng halos isang taon at tatlong buwan, nagsikap ang dalawang panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas na mabuo at mapirmahan ang tatlo pang kasunduang alinsunod sa pagkakasunud-sunod nito: ang kasunduan sa mga repormang sosyo-ekonomiko, reporma sa pulitika at konstitusyon at panghuli, pagtatapos ng sigalot at disposisyon ng mga pwersa.

Pumasok ang NDFP, Bagong Hukbong Bayan (BHB) at Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa walang-taning na tigil-putukan. Nagpunyagi ang NDFP na ihanda ang borador ng Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER) para pagkaisahan at pirmahan ng dalawang panig. Sa kabila nito, tinalikuran ni Duterte ang planong muling pagbubukas ng pag-uusap noong Oktubre 2017 at sa halip ay inilabas niya ang Proclamation No. 360 noong Nobyembre 2017 para makaisang-panig na wakasan ang negosasyon. Binansagan niyang terorista ang PKP at BHB sa pamamagitan ng Proclamation No. 374. Traydor niyang pinatiktikan, ipinahuli at ipinapatay ang mga konsultant ng NDFP.

**National Task Force at iba pang kautusang pasista.** Sunud-sunod na mga kautusan ang inilabas ni Duterte para isistematisa ang panggigipit sa ligal na demokratikong kilusan at iayon ang buong burukrasya ng estado sa kampanyang “kontra-insurhensya.” Rumurok ang kanyang mga hakbang nang ilabas niya ang Executive Order 70 noong Disyembre 2018, na lumikha ng National Task Force (NTF)


MGA PASISTANG PATAKARAN
2016
Setyembre 4
Proclamation No. 55
deklarasyon ng state of emergency dahil sa lawless violence sa Mindanao
Setyembre 7
Memorandum Order No. 3
pagdagdag ng mga pwersa ng AFP at PNP sa Mindanao
2017
Mayo 23
Proclamation No. 216
batas militar sa buong Mindanao at suspensyon ng writ of habeas corpus
Hulyo 22
unang pagpapalawig ng batas militar
August 6
pagpirma sa National ID System
Disyembre 14
ikalawang pagpapalawig ng batas militar
2018
Nobyembre 7
SEC Memorandum Circular No. 15
paniniktik at panggigipit sa mga NGOs
Nobyembre 22
Memorandum Order No. 32
nagdagdag ng mga batalyon ng AFP sa Eastern Visayas, Isla ng Negros at Bicol
Disyembre 4
Executive Order 70
Bumuo ng National Task Force
Disyembre 12
ikatlong pagpapalawig ng batas militar
2019
Enero 10
AFP-PNP Joint Campaign Plan "KAPANATAGAN" 2018-2022

**Alam niyo ba?**

Ang katawagang *whole-of-nation approach* ay unang ginamit sa Oplan Bayanihan at halaw sa "whole-of-government" na nakasaad sa Counterinsurgency Guide ng US State Department noong 2009. Ginamit ang programang ito sa Iraq at Afghanistan.

"para tapusin ang lokal na komunistang armadong sigalot." Sa ngalan ng "whole-of-nation approach," ang iba't ibang ahensya ng gubyerno at mga lokal na upisyal ng gubyerno ay ginagawang buntot ng AFP sa kontra-insurhensya. Ang mga ito ay ginagamit sa panggigipit, pag-usig, paninindak o pagkakaso laban sa mga organisasyon at institusyon na pinararatangang "prente" ng PKP/BHB. Sa tulak ng AFP, ang mga lokal na gubyerno ay inoobligang maglabas ng deklarasyong *persona non grata* kontra sa PKP at BHB.

Kinatawan ng binuong AFP-PNP Joint Campaign Plan Kapanatagan 2018-2022 ang layunin at pamamaraan ng NTF. Sa antas lokal, ipinatupad nito ang brutal at madugong kampanya ng pagpaslang tulad ng Oplan Sauron sa isla ng Negros at malawakang paniniktik at *Red-tagging* sa Metro Manila sa ngalan ng Oplan Kalasag.

Bago nito, inilabas ni Duterte ang Memorandum Order No. 32 na nagdagdag ng mga batalyon sa Samar, Negros at Bicol.

**Militarisasyon ng burukrasya.** Pinamumunuan ngayon ni Duterte ang kung tutuusi'y isang huntang sibil-militar. Nasa halos 70 na mga retiradong pulis at sundalo na ang ipinwesto ni Duterte sa kanyang gabinete at mga ahensya ng gubyerno. Karamihan sa mga heneral na ito ay may madudugong rekord laban sa mamamayan at mahahabang listahan ng korapsyon. Tapat sila sa pinakamasasahol na pangkating reaksyunaryo, gayundin sa imperyalistang amo ng AFP.

**Pasisasyon ng buhay lipunan.** Sa Kongreso, ipinasa niya ang sistema ng pambansang ID na gagamitin para maniktik sa mamamayan. Sa pamamagitan nito, iipunin ng estado ang lahat ng personal at pribadong impormasyon para magamit sa kanyang paniniktik at paniniil.

Tinangka niyang iratsada ang kontra-mamamayan at pasistang mga panukala tulad ng parusang kamatayan, mandatory Reserve Officers Training Corps o ROTC, pagpapababa sa edad na maaari nang ituring na kriminal tungong 12 at at pag-amyenda sa Human Security Act.

# Siya ay MAGNANAKAW.

Nagpapakasasa si Duterte at ang kanyang pamilya sa kapangyarihan at pera ng bayan. Ginagamit niya ang pambansang kaban bilang personal na pondo para busugin ang kanyang mga alipures sa Senado at Kongreso, gayundin ang mga upisyal sa burukrasyang sibil at militar. Minamanipula niya ang mga batas at proseso ng estado para makakuha ng kikbak at suhulan ng matatabang kontrata at benepisyo ang mga negosyanteng taga-Davao at malalaking burgesya-kumprador na nagpondo sa kanyang kandidatura. Pinakamalala, ginagamit niya ang buong makinarya ng estado, pangunahin ang PNP, para gapiin ang mga kriminal na sindikato at lumikom ng bilyun-bilyon mula sa iligal na mga aktibidad nito.

**Nakatago at di maipaliwanag na kayamanan.** Noong 2017, naisumite sa Office of the Ombudsman ang mga papeles ng *bank account* na nagdedetalye sa halos ₱1 bilyong tagong kayamanan ng pamilyang Duterte. Bahagi ito ng alegasyon na may nakatagong yaman ang mga Duterte na aabot sa ₱2.4 bilyon sa iba't ibang bangko sa loob at labas ng bansa. *(Nota: Agad na sinuspinde, at kalayuna'y sinipa sa pwesto ni Duterte, ang ombudsman na tumanggap sa kaso.)*

Sa isang ulat naman nitong taon, napag-alaman na yumaman si Duterte at ang mga anak niyang sina Sara at Paolo nang ₱73.3 milyon mula nang maupo sila bilang mga lokal na upisyal ng Davao City. Sa nakaraan, may ilang matapang na mamamahayag na nag-ulat na ang yaman na ito ay mula sa sahod ng mga pekeng empleyado sa *city hall* at maanomalyang mga kontrata at iba pang lokal na proyekto. Hindi saklaw sa idineklarang yaman ang mga kikbak at suhol mula sa mga kontraktor ng mga proyektong pang-imprastruktura na hawak noon ng nakatatandang Duterte, at ngayon ay solo na ng panganay niyang anak.

**Pagkopo at pagwawaldas ng pondo ng bayan.** Liban sa napakalaking sweldo bilang pangulo (₱300,000/buwan), palaki nang palaki ang pondong kinokopo ni Duterte mula sa pondo ng bayan para sa sarili niyang pakinabang. Lumobo ang pondong "pang-intelidyens" ng presidente mula ₱705 milyon noong 2016 tungong

₱2.5 bilyon/taon sa 2017 at 2018. Para sa 2019, naglaan ng ₱6.8 bilyong-badyet si Duterte: ₱2.5 bilyon para gastusing intelidyens at at ibang "confidential" na gamit, ₱386 milyon para sa mga konsultant, at ₱17 milyon para sa "pinansyal na ayuda/subsidyo." Ang mga pondong para sa gastusing intelidyens at *confidential* ay "discretionary" o maaaring gastusin ni Duterte na walang pagtutuos o *accounting*.

Noong 2017, iniulat ng Commission on Audit na gumastos si Duterte nang hanggang ₱15 bilyon para sa pagmamantine (*maintenance*) at operasyon ng kanyang upisina. Mas malaki ito nang 534% kumpara sa ₱2.3 bilyon noong 2016. Malaking bahagi nito ay ginamit ni Duterte sa mga "konsultant" at sa mga "donasyon." May bahagi ring ginamit niya para sa pagkumpuni sa limang helikopter para sa personal niyang gamit at ng kanyang pamilya at mga kaibigan.

Bantog si Duterte, pati na ang mga myembro ng kanyang gabinete, sa madalas, marangya at magastos na pagbyahe sa labas ng bansa. Noong 2017, umabot sa ₱386 milyon ang ginastos ni Duterte para sa 17 byahe sa 18 bansa. Mula 2018 hanggang Hunyo 2019, nadagdagan pa ito nang 12 byahe sa 11 bansa. Lahat ng kanilang gastos, pati ang "representation fee" o bayad para katawanin ang sarili nilang mga departamento, ay galing sa bulsa ng mamamayan. Kasa-kasama ni Duterte sa mga byaheng ito hindi lamang ang kanyang gabinete at mayayamang negosyante ng Davao, kundi pati ang kanilang mga kamag-anak at kaibigan. Sa huling mga byahe, dagdag na kasama ni Duterte ang malalaking burgesya-kumprador at mga upisyal ng kanilang mga negosyo.

**Kikbak at bentahe mula sa matatabang kontratang pampubliko.** Umaasa si Duterte na makakubra ng bilyun-bilyon mula sa mga kontratang inareglo niya sa pagitan ng mga monopolyo kapitalistang Chinese at Pilipinong burgesya-kumprador at prente niyang mga negosyo sa ilalim ng kanyang programang Build, Build, Build (BBB). Karamihan sa mga proyektong nakasalang ay mga proyektong una nang ipinailalim sa programang Public-Private Partnership pero ipinailalim sa renegosasyon para muling igawad sa mga kumprador na malapit sa kanya. Kabilang sa mga proyektong ito ang paglalatag ng mga sistema ng riles sa Luzon at Mindanao, reklamasyon ng lupa at konstruksyon ng paliparan sa Bulacan, pagkumpuni ng dating paliparan sa Pampanga, Cavite, Davao at Cebu at paglalatag ng sistema ng kalsada sa buong Mindanao. Isa sa mga proyektong ito ang kalsada sa Davao City kung saan lahat ng kontratang

pangkonstruksyon ay hawak at pinakikinabangan ng panganay na anak niya na si Sara Duterte, at ekspansyon ng Davao International Airport na iginawad naman kay Dennis Uy.

Sa hanay ng mga burgesya-kumprador, pinakamalaki ang pakinabang ni Ramon Ang, may-ari ng San Miguel Corporation (SMC), isa sa mga oligarkong kontribyutor sa kampanya ni Duterte at itinuturing niyang "kaibigan." Hindi lamang sumuporta si Ang sa "gera kontra-droga," pananalakay sa Marawi at "kontra-terorismo" ni Duterte, nagbigay din siya ng pondo para sa konstruksyon ng mga sentro ng rehabilitasyon, ayuda sa mga pamilya ng namatay na sundalo sa Marawi at mga proyektong pangkabuhayan sa Sulu. Kapalit nito, biniyayaan siya ni Duterte ng mga kontratang pampubliko na nagkakahalaga ng milyun-milyong piso. Kabilang dito ang ₱734-bilyong proyektong Aerotropolis at ₱536-bilyong proyektong *flood control* sa Kamaynilaan.

**Kontrol sa pambansang badyet.** Ginagamit ni Duterte ang pambansang badyet bilang instrumento para kontrolin ang mga burukrata-kapitalistang alipures niya sa senado, kongreso at sariling gabinete. Nitong taon, itinulak ni Duterte ang "cash-based budgeting" para ilimita ang pamamahagi ng pondo sa mga proyektong matatapos sa loob ng isang taon. Karamihan sa mga ito ay mga proyektong pang-imprastruktura na kadalasa'y ginagawang palabigasan ng mga pulitiko. Kabaliktaran ito sa itinulak ng alyado niyang si Arroyo na "obligation-based system" kung saan buu-buong ipamamahagi sa mga kongresista ang pondo para sa mga proyektong sasaklaw ng mahigit ilang taon. Sa *cash-based budgeting*, mananatili sa kamay ni Duterte ang malalaking bahagi ng pondo, na maaari niyang gamiting pansuhol o pambraso, depende sa pulitiko. Gayunpaman, tinitiyak pa rin ni Duterte na naaambunan ang mga ahensya, kongresista at senador ng makukurakot na pondo sa susunod na taon.

Sa 2019 pambansang badyet, pinakamalaki ang itinaas ng badyet ng AFP na nadagdagan nang ₱80 bilyon, kasunod ang badyet ng PNP na tumaas nang ₱41 bilyon. Malaking bahagi nito ay para sa sahod ng mga sundalo at pulis na kinakasangkapan niya sa kanyang gera kontra sa mga sindikato ng droga at laban sa progresibo at rebolusyonaryong kilusan.

**Alyansa sa kapwa magnanakaw.** Kapalit ng pondo at suporta sa pulitika, inabswelto ni Duterte ang kapwa niyang mga magnanakaw tulad ng mga Marcos, Arroyo, Estrada, Enrile at iba pa. Ginamit niya ang mga huwes ng Korte Suprema na hawak na niya at ni Gloria Arroyo. Matapos palayain, panandalian pa niyang inilagay si Arroyo sa pangatlong pinakamakapangyarihang pwesto sa bansa. Gamit ang buong makinarya ng estado, ipinanalo niya si Imee Marcos sa Senado.

### Si Ang at Uy at ang mga diktador

ISA SA MGA paboritong kumprador ni Duterte si Ramon Ang, presidente at hepe sa mga operasyon ng San Miguel Coporation (SMC) at lahat ng mga subsidyaryo nito. Presidente rin si Ang ng Top Frontier Investment Holdings, isang kumpanyang may mayor na sapi sa mga kumpanya ng mina at semento, plantang pang-enerhiya at petrokemikal, pagkain at iba pa. Ang mga kumpanyang ito ang una at pangalawa sa may pinakamalaking benta (sales) noong nakaraang taon. Sa naturang taon, kumita ang SMC ng $996.5 milyon (tumaas nang 85.5% sa loob ng isang taon) habang $244 milyon naman ang kinita ng Top Frontier (tumaas nang 1,062%). Hawak din ni Ang ang Petron, Eagle Cement Corporation, Clariden Holdings at marami pang iba.

Sa nakaraang 30 taon, nagsilbing kanang kamay si Ang ni Eduardo Cojuangco, ang pangunahing kroni at tagapamahala ng mga prenteng negosyo ng noo'y diktador na si Ferdinand Marcos. Kabilang sa mga ito ang sapi ni Cojuangco sa SMC na binili gamit ang pondong coco levy. Kasamang tumakas ni Marcos si Cojuangco nang mapatalsik ang nauna sa pwesto sa unang “Rebolusyong EDSA” noong 1986. Bumalik si Cojuangco sa bansa noong 1989 para pamunuan ang mga kumpanyang prente ni Marcos tulad ng SMC at unti-unting bumalik sa larangan ng pulitika.

Noong 2013, binili ni Ang ang lahat ng sapi ni Cojuangco sa SMC gamit ang utang mula sa mga dayuhang bangko. Sa loob ng tatlong dekada, nakasalang sa korte ang pagmamay-ari ng naturang mga sapi. Naresolba lamang ito sa Korte Suprema noong 2016, pabor kay Cojuangco, sa ilalim ng rehimen ng kanyang pamangkin na si Benigno Aquino.

Sa ilalim ni Duterte, nagsumite si Ang ng di bababa sa apat na "unsolicited proposal" sa ilalim ng ismekang "Swiss Challenge" ni Duterte para sa programang Build, Build, Build. Sa kabuuan, ang lahat ng kontratang iginawad ni Duterte kay Ang at kanyang mga kasosyo ay nagkakahalaga ng 2.26 trilyon. Hindi pinangalanan ng mga kumpanyang sangkot ang mga kasosyo nilang Chinese na negosyo. Si Ang ang ika-8 pinakamayamang indibidwal sa bansa na nakapagtala ng *$2.85 bilyong* halaga ng pag-aari noong 2018. *(Tingnan ang talahanayan.)*

Relatibong mas maliit ang kapital at limitado (sa ngayon) ang saklaw ni Dennis Uy, taga-Davao na dating kalaro sa basketbol ni Christopher "Bong" Go at isa sa pinakamalapit na negosyante kay Duterte. Iginawad sa kumpanya ni Uy ang prangkisa para maging pangatlong kumpanya sa telekomunikasyon (sunod sa Globe at Smart), kasama ang kasosyo nitong kumpanyang Chinese. Pinautang si Uy ng $220 milyon ng Bank of China para palawakin pa ang kanyang mga negosyo bilang bahagi ng pakete ng mga utang at puhunan na ipinangako ng China. Mabilis na lumawak ang mga negosyo ni Uy mula 2016. Dagdag sa kanyang mga gasolinahan (Phoenix Petroleum), nakopo niya ang pinakamalaking kumpanya ng transportasyon sa dagat (2GO) at iba pa. Iginawad sa kanya ang kontrata sa pagkukumpuni pareho ng paliparan at pantalan ng Davao, gayundin ang proyektong reklamasyon sa Pasay City. Si Cojuangco naman ang ika-14 at nakapagtala ng $1.4 bilyon. *(Tingnan ang talahanayan.)*.

**Mga proyektong iginawad kay Ramon Ang**

| Proyekto | Halaga | Mga kontraktor | Tipo ng proposal |
|---|---|---|---|
| Bulacan Bulk Water Supply Project | ₱ 24.41 B | SMC – K Water Consortium Consortium Members: San Miguel Holdings Corp. and Korea Water Resources Corp. | Solicited |
| MRT Line 7 Project | ₱ 62.70 B | SMC Mass Rail Transit 7, Inc | Unsolicited |
| Bulacan Int'l Airport Project (New Manila Int'l Airport) | ₱ 735.63 B | San Miguel Holdings Corp. Coastal Dev't Consortium | Unsolicited |
| Manila Bay Integrated Flood Control, Coastal Defense and Expressway Project | ₱ 536.03 B (di kasama ang reklamasyon) | (San Miguel Holdings Corp at New San Jose Builders, Inc.) | Unsolicited |
| Preservation and Development of Laguna de Bay Project | ₱ 905.12 B | San Miguel Holdings Corp. and Muhibbah Engineering Philippines Corp | Unsolicited |

**Mga proyektong iginawad kay Dennis Uy**

| Proyekto | Halaga | Mga kontraktor | Tipo ng proposal |
|---|---|---|---|
| Pasay City Reclamation Project | ₱ 62 B | Ulticon Builders, Inc., Udenna Corp, and China Harbor Corp | Unsolicited |
| Davao People Mover | ₱ 30 B | Udenna Corp | Unsolicited |
| Davao International Airport Development, Operation, and Management | ₱ 48.8 B | Chelsea Logistics Holdings Corp | Unsolicited |
| Davao Sasa Port Modernization Project | ₱ 18.7 B | Chelsea Logistics Holdings Corp | Unsolicited |

# Ang karapatan ng bayan na ibagsak ang tiraniya

Ganap ang karapatan ng sambayanang Pilipino na patalsikin si Duterte at papanagutin siya sa kanyang mga kasalanan at krimen sa bayan.  Walang makahahadlang sa kanila kapag sila'y magkaisa. Dapat na magsama-sama ang lahat ng nasusuka kay Duterte, kabilang na ang mga kalaban sa pulitika, pati na mga disenteng upisyal ng militar at pulis.

Ginagarantiya kahit ng burges na mga batas at ng internasyunal na mga alituntunin ang karapatan ng mamamayan na labanan sa sariling gubyerno para ipagtanggol ang kapakanan at mga karapatan ng nakararami. Pinahihintulutan ito laluna sa panahong napakatindi na ng inhustisya at barado na sa mamamayan ang mga ligal na mekanismo.

Ipinailalim ni Duterte ang buong bansa sa *de facto* na batas militar. Hayagan ang kanyang paghaharing militar sa Mindanao. Sa pamamagitan ng kanyang pakikipag-alyansa, hawak niya ang supermayorya sa Kongreso. Sa pamamagitan naman ng malawakang dayaan, naipwesto niya ang kanyang mga kandidato sa Senado. Hawak niya ng mga huwes, mula Korte Suprema hanggang sa mga rehiyunal na korte. Nakayuko sa kanya ang mga kaalyado niyang upisyal sa mga lokal na gubyerno habang nanginginig ang mula sa mga kalabang partido dulot ng walang awat na pambabraso ng militar. “Toilet paper” ang turing niya sa 1987 konstitusyon at gumagawa siya ng mga hakbang na tahasang bumabangga sa mga probisyon nito. Ang tanging sinusunod niya ay ang mga dikta ng kanyang imperyalistang among US at mga utos ng mga monopolyo kapitalistang Chinese.

Pinakahuling kinatawan lamang si Duterte ng batbat ng krisis na lipunang atrasado at kinukubabawan ng imperyalismo. Para makamit ang isang tunay na malaya at maunlad na Pilipinas, dapat itong ibagsak at palitan ng bagong sistemang kakalinga sa pangangailangan at kapakanan ng masang anakpawis.

Mula nang mabuo ang Pilipinas bilang bansa, umiiral na ang armadong paglaban ng mamamayan para sa layuning ito.  Mismo ang sistemang malakolonyal at malapyudal ang nagluwal sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan na 50 taon nang naglulunsad ng armadong rebolusyon.

Tungkulin ng lahat ng demokratikong sektor na labanan si Duterte hanggang mapatalsik siya sa poder. Dapat silang magkaisa sa kanilang mga pakikibakang demokratiko at kontra-tiraniya. Dapat milyun-milyon silang humugos sa lansangan para hatakin ang mga paksyon ng naghaharing uri na wala sa kapangyarihan at kanilang mga pangkatin sa militar at pulis. Dapat paigtingin ng BHB ang armadong paglaban laluna sa pinakamasasahol na yunit ng AFP na nananalasa sa kanayunan at pumipinsala sa mamamayan. Dapat nitong bigwasan ng malalaking tama sa ulo, habang patuloy na pinadudugo sa iba't ibang bahagi, ang nangungunang haligi kapwa ng pasismo ni Duterte at paghahari ng imperyalismong US sa bansa.

Kawanihan sa Impormasyon
Partido Komunista ng Pilipinas